



Mga Pampalakas na Bakuna para sa COVID-19

Palakasin ang iyong proteksyon!

PALAKASIN ANG IYONG PROTEKSYON LABAN SA MALUBHANG COVID-19

- Ang binagong (bivalent) mga bakuna ng Pfizer at Moderna para sa COVID-19 ay nakakapagprotekta laban sa original na t ang pinakabagong mga baryante ng Omicron.
- Ang pagkuha ng binagong dosis ng pampalakas na bakuna ay nakapagpapalakas ng iyong imyunidad laban sa mga baryante na nakikita natin ngayon at inaasahang makita ngayong taglamig (winter). Ito ay nagbibigay ng mas magaling na proteksyon mula sa pinakamasamang kinalalabasan ng COVID-19.



KUNG ITO AY TUMAGAL NA NG HINDI BABABA SA 2 BUWAN MULA SA IYONG HULING DOSIS, KUMUHA NG BINAGONG DOSIS NG PAMPALAKAS NA BAKUNA (BOOSTER) NGAYON



Lahat ng may edad 5 taong gulang pataas ay dapat makakuha ng binagong pampalakas na bakuna kahit na nakakuha na sila ng isa o higit pang mga dosis ng orihinal na pampalakas na bakuna. Ang binagong pampalakas na bakuna ay dapat na ganap ng makuha nang hindi bababa sa 2 buwan pagkatapos ng panghuling dosis ng pangunahing mga serye o orihinal na dosis ng pampalakas na bakuna.

Lalo itong importante para sa mga taong edad 65 taong gulang pataas na kumuha ng pampalakas na bakuna.

- Ang mga epekto pagkatapos ng mga dosis ng pampalakas na bakuna ay katulad ng pagkatapos ng mga pangunahing dosis. Karamihan sa mga epekto ay banayad hanggang katamtaman at tumatagal ng isang araw o 2.
- Ang mga batang edad 6 na buwan hanggang 4 na taong gulang ay hindi pa makakakuha ng pampalakas na bakuna ngayon. Ngunit kung hindi pa sila nababakunahan, dapat nilang makuha ang kanilang pangunahing serye ng bakuna ngayon.
- Ang Novavax na dosis ng pampalakas na bakuna ay magagamit para sa mga taong edad 18 taong gulang pataas na hindi makakakuha ng Pfizer o Moderna na bakuna at hindi pa nagkaroon ng dosis ng pampalakas na bakuna dati. Ibinibigay ito ng 6 na buwan pagkatapos makumpleto ang mga pangunahing serye ng bakuna.
- Pwede kang **kumuha ng bakuna para sa trangkaso ng kasabay** ng bakuna para sa COVID!

ANG MGA PAMPALAKAS NA BAKUNA AY INIREREKOMENDA PA RIN KAHIT NA NAGKARON KA NA NG COVID

- **Ang pagpapabakuna ay nakakapagbigay ng karagdagang proteksyon.**
- Maghintay hanggang sa matapos na ang iyong pagbubukod bago kumuha ng pampalakas na bakuna. Maaari mo ring isaalang-alang na maghintay ng 3 buwan mula nang magsimula ang iyong mga sintomas o noong una kang nagkaroon ng positibong pagsusuri (kung wala kang mga sintomas). Malabong magkaroon ka ulit ng COVID sa loob ng 3 buwan. At ang mas mahabang oras sa pagitan ng impeksyon at pagbabakuna ay maaari ring magresulta sa mas mahusay na pagtugon ng imyunidad.



ANG MGA BAKUNA AY LIBRE - HINDI MO NA KAILANGAN NG SIGURO (INSURANCE)

- Hindi ka tatanungin tungkol sa katayuan mo sa imigrasyon.

Bisitahin ang [VaccinateLACounty.com](https://www.vaccinatelacounty.com) o tumawag sa **1-833-540-0473** para malaman pa ang mas marami.



COUNTY OF LOS ANGELES
Public Health